Pagpapalaganap ng Kultura ng Pagpapaubaya sa Pamayanan

Ang pagpapaubaya ay isa sa pinakamahalagang katangian sa kasalukuyang panahon, lalo na sa iba’t ibang kultura na mayroon. Ito ay malaking tulong para sa ikabubuti ng bawat pamayanan at kultura na kung saan magdadala sa kanila tungo sa pag-angat at pag-unlad sa kabila ng pagkakaiba ng kultura.

Ang pagpapaubaya ay ang pamumuhay ng magkakasama, sa kabila ng pagkakaiba na nagpapakita ng lawak ng pag-iisip at respeto. Ganun pa man ay hindi ito nangangahulugan ng pag-iwas sa bawat pananampalataya. Sa halip ito ay salungat sa pananakit at pagkamuhi sa iba’t ibang kultura, etniko o paniniwala. Ito habang ibinibigay ang kanya-kanyang karapatan na naaayon sa kanyang ideya at opinion.

Ang pagkakaroon ng bukas na isipan ay daan para intindihin ang iba’t ibang pananampalataya, kaalaman at kaugalian nang sa gayo’y mamuhay sila ng mapayapa sa isa’t isa..

Ang pag-papaubaya ay mag-uugnay sa malalayong lugar na bubuo ng isang pandaigdigang komunidad. Ito ay para sa kaayusan na magiging daan sa pagiging malikhain at produktibo.

Para maisakatuparan ang pagpapaubaya, kialangan isagawa ang mga sumusunod: ang pag-iwas sa karahasan, pang-iinsulto gamit ang salita at gawa sa iba. Ganun din ang pag-iwas sa panghuhusga sa halip ay ang magkaroon ng dayalogo na magkakainitindihan ang isa’t isa, dahil sa kabila ng lahat, tayo ay magkakapatid mula kay Adan.

Ang pinakamahalagang sangkap ng pagpapaubaya ay ang pag-intindi kung ano ang mga kailangan para maisatupad ito. Nang sa gayo’y magdala ito ng kabutihan, kasiyahan, at kaunlaran sa bawat pamayanan sa kabila ng pagkaka-iba.